

# ANG HINDI MAAARI

RINA ANGELA CORPUS

**Philippine Humanities Review**
Volume 14 Number 2, April 2012, pp. 139 - 144
ISSN-0031-7802
© 2012 University of the Philippines

**Ang Hindi Maaari**
by Rina Angela Corpus

*Is a pen a metaphorical penis?*
*-Sandra Gilbert at Susan Gubar*

Ari mo ang panulat.
Kapag tinitigasan ka'y
Lumalabas ang tintang

Linalagok ng pagkadakila.
Libog mo'y dinadambana
Habang linuluraan ang lamyos

Ng dilang babaing
Matagal nang naglalaway
Sa pagluwal ng mga talinghagang sisilo
Sa pataasang ihi at patigasang ari.

May lason sa dila ng pinatatahimik.

(Originally published in Sidhaya, Philippine Collegian Literary Folio 1995-96)

**Refuse**

My weekends are repeated scenarios of refusals.
After a week of heady trysts with theories and texts
in the university
I get home from the dorm
and find mother in the kitchen.

I buss her and she begins
quizzing me for the umpteenth time now
how I'd have to feed my future hypothetical hubby
when I simply come to barge in
to her domain
only interested to devour her dishes
with nary the wish to ever learn
how to specialize in concocting
her gustatory recipes.

I manage to smile
and keep on munching the repast
as sumptuous, I must note
as the servings of Cisneros, Irigaray
and Cixous
from feminist lit class.

Then mom points to me her apron
with her primary spiel:
"When you're done dear,
please wear this and clean up your mess,
that's the least you can do, sweetie."

And the most I do
is to finish to the last sweet bite,
and say my graces, with eyes closed.
Then I stand up to throw
a whole week's worth
of refuse.

(Originally published in Philippines Free Press, 23 June 2012)

**Kay Kina-aw,**
**kantadora sa Kili, Abra**

Hagdan-hagdang sakahan
ang lumalago sa ilalim
ng bawat mong yapak.
Sa aruga ng mayamang lupa
napapahiyaw ka sa isang salidumay
na tila ka sinasaniban
ng halinghing
ni Kabunian.

Awit mo ay isang panawagan
kasing tanda ng panahon
bilang proteksiyon sa iyong mga anak
na ngayon ay inaakit
ng mga mariririkit na ilaw ng siyudad
upang mamuhay nang walang
kinikilalang diyos.

**Sa mga kasamang Dumagat**
(Matapos ang paralegal training sa Nakar, Quezon)

Nanliliit ako sa tuwing magkukuwento ako sa inyo
Ng tungkol sa mga batas ng mga tao sa kapatagan.
Paano'y alam kong di sasapat ang paliwanag ng mga aklat.
Hindi nito kayang ihayag ang lalim ng inyong pandama,
Ang yaman ng inyong mga gawi,
O ang sukal ng inyong pakikibaka sa buhay
Na di man nakasulat
ay di mabubuwag
Pagkat nakaukit ito sa puso ng bawat ilog,
Sapa, ibon at lupa,
Lahat silang mga nilalang na inyong kinukupkop
At handang yinayakap.

## Araw

Naaaninag ko ang Iyong mukha
Sa pagitan ng mga dahon
Na parang balumbon ng ulap,
Nagliliyab sa maraming hugis
ng Iyong liwanag.